

1

Sa isang bayan sa probinsya ng Isabela....

“Nasaan si Pacheco?” bungad ni Marga nang pumasok sa mansion.

“Eh... w-wala po, Ma’am,” sagot ni Soleng, ang mayordoma.

“Anong wala? Wala sa kuwarto?” mataas ang boses na usisa ng babae.

Umiling si Soleng saka napatingin sa ibang katulong na nakasilip mula sa pinto ng kusina. Nagmamadaling umakyat ng hagdanan si Marga, patungo sa kuwartong ginagamit ng asawang si Pacheco. Nang makitang walang tao roon ay sumigaw siya.

“Saan pumunta si Pacheco? Bakit hinayaan siyang makaalis? Mga puñeta!”

Mabilis siyang lumabas sa kuwarto ng asawa at nang makabalik sa sala ay galit na hinarap ang mga katulong na hindi makatingin sa kanya. Akmang tatalikod si Soleng nang bigla itong halbutin ni Marga.

“Bakit walang sumasagot sa tanong ko? Mga

bingi ba kayo?” bulyaw niya, nanlilisik ang mga matang nag-aapoy sa galit.

Nanatiling walang-imik ang mayordoma at ang ibang katulong. Ayaw na nilang sumagot sa pangalawang asawa ng kanilang amo dahil sila lang ang malilintikan. Alam na nila kung gaano katapang at kasungit ang babae! Para siyang mandirigma!

Nang walang makuhang sagot ay kinuha ni Marga ang cellphone na nasa loob ng dalang handbag at mabilis na tumawag. Lumayo siya sa mga katulong na nakamasid sa kanya dahil ayaw niyang marinig ng mga ito ang kanyang sinasabi.

“Leche, natakasan ako ng gurang! Natunugan yatang tatapusin mo siya,” gigil na bulong niya sa kausap.

“Saan naman ‘yun pupunta? Di ba sinabi mo ay mahina na siya?” tanong ni Raul, ang kanyang lover.

“Mahina nga pero hindi imbalido ang kanyang utak. Kilala ko si Pacheco. Alam kong may hinala na siya sa mga plano natin, at gagawin niya lahat para makaganti sa akin. Hindi siya ang taong magpapaagrabyado!”

“Pa’no ngayon ‘yan? Kung totoo ang sinasabi mo, kailangan makita natin siya pati na ang kanyang

testamento!”

“Kaya nga kita tinawagan. Kailangang kumilos ka. Hanapin mo siya. Alam kong hindi pa siya nakakalayo! Puntahan mo si Atty. Orbista, may hinala akong doon siya tumuloy.”

Bago pa nakasagot si Raul ay pinatay na ni Marga ang telepono. Nanggigigil na umakyat ng kuwarto ang babae para kumuha ng pera. Kailangan niyang magsugal para mawala ang kanyang tension!

“Sige na, umalis ka na, Turing. Baka may makakita pa sa 'yo dito,” taboy ni Don Pacheco sa kanyang driver.

“Sigurado po ba kayong okay na kayo dito?” nag-aalala ang tinig na tanong nito.

“Oo. Basta sundin mo ang utos ko. Kontakin mo lang si Atty. Orbista sa telepono. Huwag na huwag kang pupunta sa bahay niya. Sabihin mong kailangang matapos niya ang ipinagagawa ko ngayong araw. Pag tapos na ay ipadala niya sa kumbento para madaanan mo bukas ng madaling-araw.” Tila nahahapong napapikit ang may-edad na lalaki.

“Babalik pa po ba ako sa mansion?”

“Oo. Pero huwag kang magpapakita kay Marga. Kunin mo ang perang ipinatago ko kay Soleng at dalhin mo dito.”

“Lahat po?” paniniguro ni Turing.

“Oo, lahat. Pero bigyan mo rin sila ng panggastos, mga sampung libo. Tipirin nila ‘ika mo para may emergency money sila. Pero kung saka-sakali, si Attorney na ang bahala sa kanila.” Huminga muna nang malalim si Don Pacheco bago muling nagsalita, “Saka magkano nga pala ang ibinigay mong deposito dito sa ospital?”

“Sampung libo ho.”

“Sige na. Bukas ka na bumalik dito. Pakitawag na lang ang nurse sa station,” utos niya.

Pagkaalis ng driver ay napatingin si Don Pacheco sa kabuuan ng kuwarto. Isang private room iyon sa pinakamalaking ospital sa kanilang lugar. Hindi niya gustong manatili roon pero dala ng sitwasyon, wala siyang magagawa.

Kilala si Don Pacheco Trinidad sa buong Isabela bilang may-ari ng isang malaking minahan at malawak na palaisdaan bukod pa sa mga palayan.

Pero iilan lang ang nakakita sa kanya nang personal. Kaya naman doon niya piniling magtago sa ospital dahil alam niyang hindi basta-basta maghihinala ang kanyang pangalawang asawang si Marga na naroroon siya.

Nagdilim ang kanyang mukha nang maalala ang asawa.

Sampung taon na silang kasal nito. Dating starlet ang babae na nakilala niya sa isang party sa Maynila. Maganda at cariñosa si Marga, kaagad na nahulog ang loob ng biyudong don, na noon ay katatapos lamang magdalamhati sa kanyang mag-inang namatay sa isang plane crash. Sa kabila ng mga balita na dati itong na-link sa kung kani-kaninong director, pinakasalan pa rin niya ang babae, na mas bata sa kanya ng dalawampu't limang taon. Sixty-five years old na siya ngayon at forty years old naman dating starlet.

Akala niya ay tumino na si Marga sa kanyang piling, ngunit nitong nakaraang mga buwan ay natuklasan niyang may kalaguyo ito. Si Raul, isang dating stuntman na nag-apply na bodyguard sa kanila. Tinanggap ni Don Pacheco ang lalaki dahil akala niya ay pinsan ito ni Marga. Pero nakita niya ang dalawang gumagawa ng milagro sa kanyang

beach house.

Hindi niya sinumbatan ang asawa dahil alam niyang nagkukulang na rin siya sa mga pisikal na pangangailangan ng babae. Akala niya ay natukso lang ito at babalik din sa kanya.

Pero ang masakit, napag-alaman niyang balak na pala siyang patayin ng pangalawang asawa. Unti-unti siya nitong nilalason! Salamat na lang at natuklasan iyon ng kanyang mayordoma. Kaya pala lagi na lang siyang nanghihina. Akala niya ay dala ng kanyang edad ang laging pagsakit ng kanyang ulo, iyon pala ay gusto na ni Marga na mamatay na siya. Para nga naman mapunta na rito ang kanyang kayamanan. At iyon ang hindi niya mapapayagan.

Kaya nasa ospital siya ngayon. Bukod sa pagpapagamot, kailangan din niyang magtago para maisagawa ang mga plano laban sa kanyang asawa. Kung mamamatay rin lang siya, hindi siya makakapayag na makatikim si Marga ni katiting na salapi. Kahit pa ipamudmod niya ang malaking kayamanan sa iba!

“Bakit ngayon ka lang?” asik ng head nurse na si Helga kay Natalie.

“Naglaba pa kasi ako,” mahinahong sagot ng dalaga bago pumasok ng staff room. Nagmamadali niyang binuksan ang locker upang kunin ang mga gagamitin para sa duty. Nakasunod pa rin sa kanya si Helga.

“Ilang minuto na lang, late ka na!”

“Pero may twenty minutes pa naman po ako, eh,” sagot niya habang pinapalitan ng puting sapatos ang sneakers na suot. Gusto na niyang mainis sa kanilang head nurse dahil daig pa ang bouncer kung makasita.

“Sumasagot ka pa! Palibhasa’y kaibigan mo ang anak ng may-ari ng ospital na ito kaya kung makaasta ka, akala mo pati ikaw ay may-ari!” singhal nito. “If I know, ginamit mo lang ang lakas mo kaya ka napasok dito,” paismid pa nitong dagdag.

Nagpanting ang tainga ni Natalie. Matagal na siyang nagtitimpi sa babae dahil bukod sa superior niya ito sa trabaho ay mas matanda ito sa kanya ng dalawampung taon. Mula nang pumasok siya sa *St. Michael’s Hospital* may sampung buwan na ang nakakaraan ay halata na niyang mainit ang dugo ng babae sa kanya. Hindi niya maintindihan kung bakit.

Registered nurse si Natalie at qualified para maging staff nurse. Dumaan din siya sa normal na

proseso noong mag-apply sa *St. Michael's Hospital* at pinalad na matanggap. Nagkataon lang na naging kaklase niya sa high school at matalik na kaibigan si Marie, ang nag-iisang anak ng may-ari ng ospital. Pero kasalanan ba niya iyon?

Noong una ay dinadaan lang ni Helga sa matatalim na tingin at dabog ang pagkadisgusto sa kanya, pero nitong nakaraang mga linggo ay naging mas vocal ang babae sa mga pasaring. Kung makautos pa ito ay parang laging galit. At ngayon nga'y tahasan na siya nitong inaakusahang gumagamit ng padrino. At hindi na niya mapapalampas iyon!

“Hindi ako umaastang may-ari. Alam ko ang kinalalagyan ko. Nurse ako dito at ginagawa ko naman ang responsibilidad ko. Ni minsan ay hindi ako na-late, lagi pa nga akong maaga. Ngayon lang ako pumasok nang eksakto sa oras. At kung ma-late man ako, wala ka nang pakialam. O baka naman gusto mo akong ipaglaba?” buong katarayang pahayag niya at tinalikuran ang natulalang head nurse. Hindi yata nito inakalang lalaban siya nang harapan. Lagi kasi siyang tahimik lang.

Puwes, nagkakamali ka. Pinagpasensyahan na kita dati, pero ngayon ay hindi na!

Hindi na inalintana ni Natalie ang galit ng

kanilang head nurse. So what kung magsumbong ito sa director ng ospital, mas gusto nga niya iyon. At least, maipapahayag niya ang kanyang hinanakit kay Helga. Marami na ring nakasaksi kapag sinisinghalan siya nito kaya may mahahatak siyang testigo kung saka-sakali.

Kaagad na dumerecho si Natalie sa station upang mag-take over sa nurse na naka-duty. Matapos makuha ang mga endorsements ay kalmado na siyang umupo sa puwesto.

Wala pa siyang gaanong gagawin nang mga oras na iyon. Night shift siya kaya mula alas diez ng gabi hanggang alas seis ng umaga ang kanyang duty. At katatapos lang painumin ng gamot ng kanyang pinalitang nurse ang mga pasyente kaya mamaya pa uli siya magra-rounds.

Nang masigurong tahimik ang paligid, kaagad niyang binuksan ang dalang libro. Kanina pa niya gustong ipagpatuloy ang pagbabasa dahil excited na siya sa nangyayari sa kuwento. Sa katunayan ay ang naturang libro, na may pamagat na *Harry Potter and the Half-Blood Prince*, ang dahilan kung bakit muntik-muntikan na siyang ma-late. Nalibang kasi siya sa pagbabasa kaya nakalimutan niya ang

mga nakababad na damit sa banyo. Kung hindi pa tumunog ang kanyang alarm clock, hindi pa niya mamamalayan ang oras!

Bata pa lang si Natalie ay mahilig na siyang magbasa ng libro. Palibhasa'y parehong teacher ang kanyang mga magulang kaya maaga siyang sinanay na magbasa. Sayang nga lang at noong high school siya ay sabay pang namatay ang dalawa. Nasawi ang mga ito nang mabangga ang sinasakyang bus papuntang Baguio. Napunta tuloy siya sa kanyang tiyahing ubod ng sungit, si Tiya Germania na isang matandang dalaga.

Mabuti na lang at may naiwang educational plan ang mga magulang para sa kanya, kung wala ay baka hindi na siya nakapagpatuloy ng pag-aaral dahil napakakuripot ni Tiya Germania. Lagi pa nitong ipinamumukha ang ginawang pag-ampon sa kanya.

Nasa chapter twelve na siya nang biglang tumunog ang buzzer sa tabi niya. Galing iyon sa room 411. Tiningnan niya ang chart. Mr. Arturo de Jesus ang nakalagay na pangalan ng pasyente. Tiniklop niya ang libro, inilagay sa drawer at tumayo. Nagpaalam muna siya sa kasamang nurse bago tinungo ang room 411.

Pagpasok ng dalaga sa kuwarto ay kaagad siyang

ngumiti. Pamilyar ang hitsura ng lalaking naroroon. Parang nakita na niya ito somewhere, pero ngayon lang niya narinig ang pangalan nitong Arturo de Jesus.

“Good evening po, Sir. Nag-buzzer po kayo?” tanong niya.

“Oo, Hija. Medyo masakit kasi ang ulo ko. Magpapakuha sana ako ng blood pressure,” sagot ng may-edad na lalaki.

“Sandali lang po’t kukunin ko po ang gamit.” Mabilis na lumabas ng kuwarto ang dalaga at kaagad ding bumalik dala ang sphygmomanometer. “Medyo mataas nga po ang blood pressure ninyo,” pahayag niya pagkatapos itong kunan ng reading.

Napabuntong-hininga ang matanda, animo’y hapung-hapo. Kaagad na kumuha ng tubig si Natalie at pinainom ito.

“Masyado ho yata kayong nag-iisip ng mga problema, eh. Dapat po nagpapahinga kayo,” sabi niya. Sa anyo kasi nito ay tila may mabigat itong dinadala sa dibdib.

“What’s your first name, Miss?” Nagulat siya nang bigla siyang tanungin ng kanyang pasyente.

“Natalie po,” sagot niya. Magaan ang loob niya sa kaharap.

“Well, totoo ang sinabi mo, Natalie. I’ve been thinking about a lot of things lately,” malumanay ang tinig ngunit seryosong pahayag ng pasyente. “I think hindi na magtatagal ang buhay ko.”

Hindi siya kaagad nakapagsalita. Ayon sa records ng pasyente ay wala naman itong malubhang karamdaman. Medyo mataas lang ang blood pressure nito, malamang ay dahil sa mga kinakain nitong puno ng cholesterol. Kaya nga nakakagulat ang deklarasyon nitong malapit na itong mamatay—na para bang naibulong na ni Nostradamus ang katapusan nito.

“Paano n’yo naman po nasabi ‘yun?”

“May gustong pumatay sa akin,” walang kakurap-kurap na pahayag ng matanda.

Napamulagat siya.

“Can I trust you, Natalie?” prangkang tanong nito.

Nagulat ang dalaga at naisip niyang marahil ay kailangan talaga ng matanda ng makakausap at kakampi nang mga oras na iyon.

“O-opo,” wala sa loob na nasabi niya. Pero

mapagkakatiwalaan talaga siya, ang hindi lang niya sigurado ay kung ano ang gustong mangyari ng kausap. Basta ang nais lang niya ay mabawasan ang dinadala nito.

“Well, I’ll take your word for it. Kung ano man ang sasabihin ko sa ’yo ngayon, I hope it will be just between the two of us, Hija.”

Matapos marinig ang salaysay ng kaharap ay ilang segundo ring natigilan si Natalie. Napakurap muna siya nang ilang beses bago nakapagsalita.

“A-ang ibig n’yo pong sabihin, kayo talaga si Don Pacheco Trinidad?” di-makapaniwalang tanong niya. Tumango ang matanda. “Kaya pala pamilyar kayo! Kayo po ang nagpatayo ng elementary school sa barangay namin!” bulalas niya. Sinabi niya ang pangalan ng eskuwelahan at barangay nila.

Nangislap ang mga mata ni Don Pacheco, at kahit papaano ay napangiti. “Yes, I remember that place. Ang tagal na noon. It was actually my first wife’s idea. Mahilig siyang gumawa ng mga educational projects para sa mga kabataan. Sayang nga lang, she died early.”

Tahimik lang siyang nakinig. Alam niyang lampas

na siya sa oras ng dapat na inilalagi ng nurse sa loob ng kuwarto ng pasyente, pero hindi niya magawang putulin ang sinasabi ng matanda.

“S-so, ano po’ng plano n’yo ngayon? Hindi po ba kayo natatakot na matunton dito?”

“Hindi mo naman siguro ako ibubulgar, di ba?” ngiti nito.

“Naku, siyempre po hindi! Sekreto ho natin ‘to.”

Napangiti si Don Pacheco. Hindi nga ito nagkamali, mapagkakatiwalaan ang babae. At bumuti-buti ang kanyang pakiramdam. Nabawasan ang kanyang emotional baggage dahil sa pakikinig ng nurse.

I wonder kung siya ang puwedeng gumawa ng naiisip ko. Would it be asking too much? Huminga muna nang malalim ang matanda. Saka na lang niya pag-iisipang mabuti kung maaari ngang pakiusapan si Natalie sa kanyang binubuong plano. Sapat nang nakatagpo siya ng mabait na tao sa pinagtataguan ospital.

Makakatulog na siya kahit papaano.

2

May ilang minuto na ring nakabalik sa nurse station si Natalie pero tulala pa rin siya. Isang nakakagulat na kuwento ang kanyang nalaman, at hindi niya akalaing ang sikat na si Don Pacheco ay nasa ospital nila, gumagamit ng alias para magtago sa asawa nito.

Para akong nasa isang suspense novel. Ano kaya ang susunod na mangyayari?

Naalala niya si Marga, ang sinasabi ni Don Pacheco na second wife nito. Natatandaan nga niya ang babae. Maliit pa siya nang mapanood ang pag-e-extra ng naturang starlet. Maganda ito noon pero di niya type. Hitsura pa lang ay mukha nang alembong. Mukhang laging nang-aakit. Kaya siguro nalaos kaagad.

Mayamaya ay ibinalik na niya ang atensyon sa *Harry Potter* book. Mahaba pa ang gabi. Kapag hindi siya nagbasa, tiyak na aantukin siya.

“Hija, kahit ano’ng mangyari ay ipangako mong pupuntahan mo si Rogelio. At kahit ano’ng mangyari ay ingatan mo ang laman ng envelope na ‘yan.

Nakasalalay diyan ang maraming buhay.” Hirap man sa pagsasalita ay nagawang ipahayag ni Don Pacheco ang nais nitong mangyari.

“Huwag na po kayong magsalita, Sir. Makakasama ho sa inyo, eh.” Nag-aalala na si Natalie sa kanyang pasyente.

Pangatlong araw na ng matanda sa ospital at attached na ang dalaga rito. Lagi niyang kinakausap si Don Pacheco upang malibang ito. But on that particular day ay bigla itong nanghina. Pinainom na niya ito ng gamot at sinabihang magpahinga pero ayaw siyang sundin nito. Sa halip ay humingi pa ito ng pabor. May gusto raw itong ipagawa sa kanya—ang puntahan ng dalaga ang matalik nitong kaibigan na nasa Maynila!

“Natalie, ikaw lang ang mapagkakatiwalaan ko sa ngayon. Kontrolado na ni Marga ang kompanya ko. Hindi rin makakilos ang mga tauhan ko sa bahay. Wala akong mapakiusapang pumunta kay Rogelio, ikaw lang.”

“P-pero may trabaho po ako,” alanganing sagot niya.

“Baka puwedeng mag-leave ka muna,” pakiusap nito. “Don’t worry about money, there’s more than

enough to cover your expenses. Babayaran pa kita for your absences.”

“H-hindi naman po dahil sa pera. Bago pa lang po kasi ako sa ospital na ‘to, wala pa akong isang taon,” alanganing tugon niya.

Pero tila hindi iyon narinig ni Don Pacheco. Nagpatuloy pa rin ito sa pagsasalita.

“Eto ang isa pang sobre.” Iniabot nito kay Natalie ang isang legal-sized white envelope na makapal ang laman. “Fifty thousand ang laman niyan. That’s more than enough for your trip to Manila. Pupunta ka lang sa bahay ni Rogelio at ibigay ang mga dokumento sa kanya, ‘yun lang. You can keep the rest of the money.”

“F-fifty thousand?” di-makapaniwalang bulalas niya. Hindi pa siya nakakahawak ng ganoon kalaking halaga sa tanang buhay niya! Nag-aalalang napatingin siya sa pasyente, baka kasi na-overdose na ito sa gamot kaya namumudmod na ng pera!

“Yes. Let’s say, tulong ko na rin ‘yan sa ‘yo, Hija. You’ve been good to me. Hindi katulad ng isang nurse ninyo dito na mukhang dragon kung makiharap.”

Muntik na siyang matawa sa tinuran ng matanda. Alam niyang si Helga ang tinutukoy nito. Naghihingalo na nga ito pero nakuha pang magbiro!

“Naku! Pag narinig tayo n’un, baka bugahan tayo ng apoy!” Napahagikgik pa siya. Napangiti rin si Don Pacheco. Mayamaya ay nagsalita uli ito.

“Kaya nga sa ’yo ko ipinagkakatiwala ang dokumento, Natalie. I know you’re a good person, hindi mo ako bibiguin.”

Nakaramdam ng pressure ang dalaga. A part of her wanted to go to Manila para matulungan si Don Pacheco, not to mention the financial aspect of the deal. Pero sa isang banda ay naiisip din niya ang tungkol sa kanyang trabaho. Baka hindi siya payagang mag-leave.

At hindi rin niya maiwasang magduda. Napakalaking halaga ang ibinibigay nito sa kanya para lang maihatid ang sinasabi nitong mga dokumento sa Maynila. Hindi siya mapagbintang o mapanghusga, pero sa panahon ngayon ay wala nang sigurado. Bakit siya ang napili nito?

Baka drugs ang laman ng brown envelope na ‘yan. Di kaya shabu?

Kaagad niyang pinaalalahanan ang sarili na matinong tao si Don Pacheco. Nag-donate pa nga ng eskuwelahan sa kanilang barangay!

“Magde-deliver lang po talaga? Wala nang ibang

gagawin?” tanong niya.

Tumango ito. “And stay alive.”

Nanlaki ang mga mata ni Natalie. Stay alive? Sa tono ng matanda ay mukhang sa Iraq siya nito pinapupunta!

“Kung magsalita po kayo, parang ibabala n’yo ako sa kanyon, ah,” nasabi na lamang niya para ikubli ang kabang naramdaman dahil sa narinig.

“Gusto ko lang na maintindihan mo na tuso si Marga. Gagawin niya ang lahat para makuha ang mga testamentong hawak mo.”

“T-testamento ho ito?” Iniangat niya ang brown envelope.

“Oo. At nakalagay diyan ang mga tao at foundations na gusto kong pamanahan. Si Rogelio na ang bahalang mag-asikaso diyan. Just do your best na maibigay ‘yan sa kanya.” Tila nahahapong napapikit si Don Pacheco.

Magsasalita pa sana si Natalie nang biglang bumukas ang pinto. Bumungad si Helga, at nakasimangot pa ito!

“Ba’t ang tagal mo, Miss Arguena? Naghihintay na sa ‘yo ang ibang pasyente.” Bagaman mukhang

normal ang boses ng babae, alam niyang yamot na naman ito.

“Sige po, Sir, magpahinga na po kayo,” magalang na paalam niya sa matanda. Tumango lamang ito. Pasimple niyang itinago ang brown envelope at ang puting sobreng ibinigay sa kanya ng pasyente.

Pareho na silang nasa corridor ni Helga nang marinig niya ang sinabi ng babae na nasa likuran niya.

“Estupida.”

Halos bulong iyon pero alam niyang siya ang pinatutungkulan nito. Babalikan sana niya ang head nurse pero ipinasya niyang huwag na itong patulan. Mas marami pa siyang bagay na dapat asikasuhin katulad ng hiling ni Don Pacheco.

Bago dumerecho sa susunod na pasyente ay mabilis na dumaan si Natalie sa staff room para itago sa locker niya ang mga envelopes. Mamaya na lang siya magdedesisyon.

Nakasuot ng jeans at simpleng knitted blouse ang dalaga nang lumabas sa staff room. Bitbit ang telang shoulder bag, maingat na tinungo niya ang private

room ni Don Pacheco. Kailangan niyang kausapin uli ang matanda para magkaintindihan sila kung ano ba talaga ang dapat niyang gawin. Naguguluhan pa rin kasi siya.

Nagtaka si Natalie nang malamang naka-lock ang pinto ng suite. Wala namang ibang bisita ang matanda kaya hindi niya alam kung sino ang maaaring nag-lock ng pinto.

Baka na-lock nang di-sinasadya. Kunot-noong bumalik siya sa nurse station.

“May bisita ba sa room 411?” tanong niya kay Remie, ang nurse na kasalukuyang naka-duty. Umiling ang babae.

“Bakit? May problema ba?” tanong nito.

“Naka-lock kasi ang pinto, eh. Hindi naman kayang i-lock ‘yun ng pasyente dahil sa kama lang siya.”

“Sige nga, paki-check na lang muna tutal hindi ka pa naman yata uuwi. Eto ang susi, pakitingnan na lang.” Isang set ng mga susi ang ibinigay ni Remie sa kanya. Pagkakuha niyon ay kaagad na tumalikod ang dalaga upang bumalik sa kuwarto ni Don Pacheco.

May sampung metro pa ang layo niya sa room

411 nang biglang bumukas ang pinto at may lumabas na lalaking nakasuot ng itim na jacket. Nagmamadali ito. Nagtaka si Natalie dahil ngayon lang niya nakita ang taong kalalabas lang sa kuwarto ni Don Pacheco.

“Excuse me...” tawag niya sa palayong lalaki. Lumingon lang ito nang saglit saka dali-daling tinungo ang hagdanan.

Weird!

Napaismid ang dalaga. Pagdating niya sa harap ng room 411 ay kaagad niyang binuksan ang pinto. Ganoon na lang ang gulat niya nang makitang hinahabol ni Don Pacheco ang hinihinga nito.

“Don Pacheco! My God!” Sumigaw ng tulong si Natalie sa corridor saka nilapitan ang matanda.

“S-si Raul... M-Marga...” hindi na ito halos makapagsalita.

Hindi niya alam kung tatakbo palabas o makikinig sa pilit na sinasabi ng pasyente. Akmang aalis siya upang tawagin ang doctor pero nahawakan siya ng matanda sa braso.

“A-ang envelope... b-bigay mo... Rogelio...” Nanginginig na ito. Gusto niyang maluha dahil sa awa.

“Huwag na po kayong magsalita, tatawagin ko po ang doctor.”

Pero ipinikit na ni Don Pacheco ang mga mata nito. Napasinghap ang dalaga.

“Ano’ng nangyayari dito?” dumagundong ang boses ni Helga sa pintuan. “Ano’ng ginagawa mo sa kuwartong ito? Di ba off-duty ka na?”

“Si Don Pacheco ho...” mangiyak-ngiyak na tugon niya. Ngunit bago pa siya makapagsalita ay tumili na ang head nurse.

“Patay na siya! Diyos ko! Ano’ng ginawa mo sa kanya?” Matapos pulsuhan ni Helga ang matanda ay nakumpirma nitong patay na nga ang pasyente. Nag-aakusa ang tingin nito nang balingan si Natalie. “Ano’ng ginawa mo sa kanya? Malakas pa siya kanina!” Iba na ang himig nito.

“Agaw-buhay siya kanina nang madatnan ko. “Tapos ay....” halos pabulong ang tinig ni Natalie dahil hindi pa rin siya makapaniwalang namatay si Don Pacheco sa mismong harapan niya!

“Tapos ay ano? Bakit hindi ka tumawag sa mga nurses na naka-duty?” Napatingin si Helga sa hawak niyang bungkos ng mga susi. “At ba’t nasa iyo ang mga ‘yan?”

“Naka-lock kasi kanina ang kuwarto kaya pinatingnan sa akin ni Remie,” katuwiran ng dalaga. “Saka puwede ba, bago tayo mag-usap, asikasuhin muna natin si Don Pacheco.”

“Don Pacheco? Ano’ng ibig mong sabihin? Si Mr. de Jesus ang pasyenteng ito.”

Umiling siya. Magpapaliwanag sana siya pero naalala niyang nagtatago nga pala ang matanda. Baka mas lalo lang gugulo ang sitwasyon kapag sa kanya pa manggaling ang pagbubulgar ng tunay na identity ng namatay na pasyente.

“S-sorry. Nabigla lang ako. Sige, lalabas muna ako para tawagin ang mag-aayos sa pasyente.” Nagmamadali siyang lumabas ng suite.

Pagkatapos papuntahin sa room 411 ang dalawa sa mga medical assistants na nasa counter ay mabilis na umalis si Natalie. Habang naglalakad palabas ng ospital ay halos mabingi siya sa lakas ng kabog ng kanyang dibdib. Masama ang kutob niyang may kinalaman sa biglaang pagkamatay ni Don Pacheco ang lalaking nakita na nanggaling sa kuwarto nito.

Pero sino ‘yun? Pinatay kaya niya si Don Pacheco?

Hanggang makarating sa bahay ay nanginginig pa rin siya. Kung hindi pa siya nasinghalan ni Tiya

Germania ay baka nakatulala na lang siya.

Hindi na umimik ang dalaga. Pagpasok sa kuwarto ay kinuha niya ang bag at inilabas ang mga sobre. Binuksan niya ang puting envelope at bagaman nasabi na sa kanya na pera ang laman niyon, hindi pa rin niya napigilang mamangha nang makita ang makapal na tig-one thousand peso bill!

Binilang niya ang pera. Umabot ng one hundred thousand ang laman ng sobre! Nanginginig na ibinalik niya ang pera sa loob ng sobre.

Ang laking halaga nito! Diyos ko...!

Obviously ay nagkamali ang matandang don sa pagkakasabi sa kanya ng halaga. Ang pagkakaalam nito ay fifty thousand lang ang laman ng sobre. Hindi niya mapigilang isipin na baka may ibang pinaglalaanan si Don Pacheco sa pera.

Pero patay na siya, paano na kaya 'to?

Nag-aalala rin si Natalie dahil mukhang nag-aakusa ang tinig ni Helga nang makita siya sa tabi ng don nang binawian ito ng buhay. Na para bang kasalanan niyang namatay ang matanda!

Ang lalaki... 'yun kaya ang kabit ng misis ni Don Pacheco? Pero paano nila nalaman ang kinaroroonan

ng matanda?

Sa dami ng mga tanong sa nangyari sa kanyang pasyente ay hindi na siya mapakali. Alam niyang hindi siya puwedeng basta na lamang tumunganga kaya kaagad siyang nagdesisyon. Nang pumasok sa banyo ang kanyang tiyahin ay mabilis siyang tumalilis paalis. Pupuntahan niya sa Maynila ang taong pinapahanap ni Don Pacheco!

Mahirap nang sumuway sa huling habilin ng isang patay. *Baka multuhin pa ako!*

3

Hapon na nang sapitin ni Natalie ang Maynila. Buong araw siyang nagbiyahe mula Isabela hanggang Maynila, at dahil puyat noong nakaraang gabi ay sa biyahe na rin nakiamot ng tulog ang dalaga.

Hindi siya nagdala ng maraming gamit. Sapat lang sa dalawang araw ang damit na nasa maliit niyang backpack. Wala siyang balak magtagal sa Maynila. Pupunta lang siya sa address na ibinigay ni Don Pacheco, iaabot ang brown envelope at kaagad na babalik sa probinsya. Absent siya sa trabaho, saka na lang siya magpapaliwanag kapag nakabalik na siya.

Tiningnan niya ang address na isinulat niya sa isang papel para hindi na niya kukunin sa bag ang sobre.

Unit 1012, 10th Floor, Gotesco Twin Towers, Ermita, Manila.

Ni hindi niya alam kung saan iyon. Ngayon lang siya uli nakapunta sa Maynila. Ang unang punta niya ay noong kumuha siya ng board exams sa Nursing at ang huli ay nang makapasa siya at kumuha ng

lisansya sa *PRC*. Hindi rin siya nagkaroon ng tsansang makapag-ikot sa lungsod dahil limitado lang ang perang baon niya sa dalawang pagkakataong iyon. May pera nga siya ngayon, pero hindi pa rin niya kabisado ang Maynila.

Ang alam niya ay Cubao ang binabaan niya dahil iyon ang destinasyon ng bus na sinakyan. Kung gaano kalayo ang *Gotesco Twin Towers*, iyon ang malaking problema. Hindi naman siya ganoon katanga para basta na lang magtanong sa tabi-tabi, lalo pa't nasa terminal siya. Aware siyang naglipana ang mga mapagsamantalang tao sa mga katulad niyang probinsyana at dayo sa lungsod. Baka lokohin lang siya kapag nalamang bagong salta siya sa Maynila.

In fairness ay hindi naman halatang probinsyana si Natalie. Bagaman simple lang ang kanyang ayos, walang mag-aakalang hindi siya taga-lungsod. Nakasuot siya ng kupasing maong, *Nike* rubber shoes, maikling t-shirt na puti at pulang sweatshirt na itinali niya sa kanyang baywang. Ang lampas-balikat na buhok ay kanyang itinirintas upang maayos. Kaya kahit twenty-three na siya, para lang siyang sixteen years old!

Mayamaya ay nagpasya siyang pumasok sa *Ali Mall*. Madilim na sa labas at nagugutom na rin siya

kaya naisipan niyang kumain. Mas madaling mag-isip kapag hindi kumukulo ang tiyan.

Pagkatapos niyang kumain sa isang fastfood ay naglakad-lakad si Natalie. Magaan lang ang dala niyang backpack, kung titingnan ay para lang siyang galing sa eskuwelahan. Ngayon lang siya nagkaroon ng tsansa na makatingin sa mga shops dahil bihira naman siyang pumunta sa mall. May nakita siyang tindahan ng mga cellphones at natuksong tingnan ang mga naka-display na units.

Bumili kaya ako? May pera naman ako, eh.

Nakonsyensya ang dalaga. Naalala niyang nasa lungsod siya upang tuparin ang kahilingan ng isang namayapa at hindi para mag-shopping!

Sa naisip ay bigla siyang lumabas ng cellphone shop. Tumawid siya ng *SM Cubao* para maghanap ng mapagtatanungan. Nang makita ang isang information counter ay lumapit siya roon at kinausap ang customer service representative.

“Excuse me. Hindi tungkol sa shopping mall na ito ang gusto kong itanong. But I really need some help.” Mukhang mabait ang babaeng nagbabantay roon kaya naisip niyang hindi naman siguro siya ipapahamak nito.

“Yes, Ma’am, how can I help you?” nakangiting sagot nito.

Very accommodating ang kausap. Sa direksyon ng babae, hindi nga nagtagal ay nakatayo na sa harap ng *Gotesco Twin Towers* si Natalie.